## YUNIT 1 Filipino Bilang Wika, at Larangan

BABASAHIN

Sa simula ng pagpapatupad ng programang Kindergarten to 12 years of Basic Education (Kto12), inilabas ng Commission on Higher Education (CHED) ang CHED Memorandum Order (CMO) No. 03, series of 2013 na nag-aatas ng pagpapatupad ng bagong General Education Curriculum (GEC) alinsunod sa programang Ktol2. Naging kontrobersyal ang nasabing CMO dahil tinangka nitong alisin o burahin ang espasyo ng wika at Panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo. Gayunman, dahil sa mala\vakang kampanya ng mga grupong makabayan sa bansa sa pangunguna ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika) ay muling naibalik ang Filipino at Panitikan bilang mga mandatoring asignatura sa kolehiyo. Noong Abril 2015, bunsod ng petisyon ng Tanggol Wika ay naglabas ng temporary restraining order (TRO) ang Korte Suprema para ipahin o ang pagtatanggal sa Filipino at Panitikan sa kolehiyo. Noong Abril 2018 naman ay inilabas ng CHED ang CMO No. 04, Series of 2018 upang ipatupad ang nasabing resolusyon ng Korte Suprema. Naging matibay na batayan ng mga argumento ng Tanggol Wika sa pagpapanatili ng Filipino at Panitikan sa kolehiyo ang natatanging papel ng wikang Filipino bilang wikangpambansa,\Vika ngbayan, at \vika ngpananaliksik na nakaugat sa pangangailangan ng sambaya nan. Ang mga kaisipang ito ang matibay na pundasyon ng pangangailangan sa pagtuturo ng Filipino bilang larangan at ng Filipino sa iba't ibang larangan.

### KONSTITUSYON NG 1987 ARTIKULO 14 SEKSYON 6-9

**SEKSYON 6**. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

**SEKSYON 7**. Ukol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi na pantulong na mga wikang panturo roon.

Dapat itaguyod ng kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

**SEKSYON 8**. Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles, at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehiyon, Arabic, at Kastila.

**SEKSYON 9**. Dapat magtatag ng Kongreso ng isang komisyon ng wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, maguugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap, at pagpapanatili.

## ALYANSA NG MGA TAGAPAGTANGGOL NG WIKANG FILIPINO/TANGGOL WIKA: INTERNAL NA KWENTO,MGA SUSING ARGUMENTO AT DOKUMENTO (2014-2017) ni David Michael San Juan

**Argumento 1:** WALANG MAKA BULUHANG ARGUMENTO ANG MGA ANTI-FILIPINO -ANG KAMPONG TANGGAL WIKA - SA PAGPAPATANGGAL NG FILIPINO AT PANITIKAN

Sa akademya, mabibilang sa da liri ang nasa kampo ng Tanggol Wika. Silang mga nasilaw sa ningning sa halip na hanapin ang liwanag, sa konteksto ng sanaysay ni Emilio Jacinto na "Ang Ningning at ang Liwanag." Ang kanilang mga buladas at patutsada ay pawang walang batayan at mas nakatuon lamang sa ilohikal at diskursong napag-iwanan na ng panahon - diskurso ng di umano'y imposisyon ng "imperial Manila" ang Filipino na "Tagalog lang naman" at diskursong "hindi naman wikang pambansa ang Filipino," o "hindi naman Filipino ang dapat na wikang pambansa," o "hindi natin kailangan ng wikang pambansa." Ang kanilang mga buladas at patutsada ay detalyado nang sinagot sa bilinggwal na pamphlet ng KWF na pinamagatang "Madalas ltanong Hinggil sa Wikang Pambansa/Frequently Asked Questions on the National Language" (Almario,2014}, sa blog na "Ang Hindi Magmahal" (Marasigan,2014) at "Pagkalusaw ng lsang Disiplina" (Sanchez,2015}, gayundin sa artikulong "Debunking PH language myths" (San Juan,2014a). Binasag din ng mga posisyong papel na inilabas ng iba't ibang unibersidad at organisasyon - gaya ng Depar tamento ng Filipino ng DLSU (2014), Kagawaran ng Filipino ng ADMU (2014), Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng UPD (2014), Fakulti ng Sining at Mga Wika ng PNU (2014), Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP (2014), at PSLLF (2014} - ang mga walang batayang buladas ng mga anti-Filipino sa akademya.

**Argumento 2:** DAPAT MAY FILIPINO AT PANITIKAN SA KOLEHIYO DAHIL ANG IBANG ASIGNATURA NA NASA JUNIOR AT/O SENIOR HIGH SCHOOL AY MAY KATUMBAS PA RIN SA KOLEHIYO

Narito ang talahanayan na naghahambing sa ilang asignaturang nilalaman ng kurikulum sa K to 12 mula junior high school hanggang kolehiyo.

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

Kinailangan pa na magprotesta at magdemanda sa Korte Suprema ang Tanggol Wika para maigiit ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo. Kahit nga may TRO na ang Korte Suprema sa pakanang anti-Filipino ng CHED ay walang malawakang pagtatangka ang CHED na sundin at ipatupad ang desisyon ng Korte Suprerna. Samantala, kahit walang protesta at demanda ang mga nagtuturo ng Physical Education (PE) ay agad nagdesisyon ang CHED na ibalik iyon bilang required na asignatura sa kolehiyo gaya ng nakalagay sa memorandum mula sa tagapangulo ng CHED na may petsang Abril 5, 2016. Malinaw na sadyang tinarget ng CHED ang pagpaslang sa Filipino at Panitikan. Binabasag at winawasak ng talahanayang ito ang basurang argumento ng mga taga-CHED at ng iba pa nilang kasapakat, na kaya wala ng Filipino at Panitikan sa kolehiyo at dahil mayroon na nito sa hayskul. Kung susundin ang kanilang lohika (o kawalan nito), dapat ay wala nang General Education Curriculum sa kolehiyo (bagay na hindi maaaring gawin dahil sa likas na kahalagahan at kabuluhan nito sa holistikong paghubog ng mga estudyante).

**Paghahambing ng mga Asignatura sa High School at Kolehiyo**

| Asignatura sa Junior High School | Kaugnay/Katumbas/Kahawig na Asignatura sa Core Curriculum Subjects ng Senior High School | Kaugnay/Katumbas/Kahawig na Asignatura sa Core Courses Bagong General Education Curriculum sa CMO No. 20, Series of 2013 |
|---|---|---|
| **FILIPINO** | Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino | WALA |
| | Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik | |
| **ENGLISH** | Oral Communication | Purposive Communication |
| | Reading and Writing | |
| **MATHEMATICS** | General Mathematics | Mathematics in the Modern World |
| | Statistics and Probability | |
| **SCIENCE** | Earth and Life Science | Science, Technology, and Society |
| | Physical Science | |
| | Earth Science (taken instead of Earth and Life Science for those in STEM Strand) | |
| | Disaster, Readiness and Risk Reduction (taken instead of Earth and Life Science for those in STEM Strand) | |
| **ARALING PANLIPUNAN** (wala nang Kasaysayan ng Pilipinas/ Philippine History na sa lumang kurikulum ay | Understanding Culture, Society and Politics | Readings in the Philippine History (Isinama na lamang bilang isa sa mga paksa ng asignaturang ito ang Philippine Government & Constitution na sa lumang kurikulum ay required at bukod na subject.) |
| | | The Contemporary World |

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

| | | |
|---|---|---|
| required subject) | | |
| **(Ang Panitikan/ Literature ay kasama sa Filipino at English)** | 21st Century Literat ure from the Philippines and the World | WALA |
| **PHYSICAL EDUCATION** | Physical Education and Health | WALA |

**Argumento 3**: ANG FILIPINO AY DISIPLINA, ASIGNATURA, BUKOD NA LARANGAN NG PAG-AARAL, AT HINDI SIMPLENG WIKANG PANTURO LAMANG

Taliwas sa buladas ng CHED at iba pa nilang ka-Tanggol Wika, hindi simpleng wikang panturo lamang ang Filipino. Disiplina, asignatura, bukod na larangan ito ng pag-aaral. Katunayan, "Ang Filipino Bilang Disiplina" ang paksa ng kauna-unahang isyu ng isang journal mula sa ADMU – ang Katipunan: Journal ng Mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino (2016). Ang pagiging disiplina ng Filipino ay binigyang-diin din sa "MGA SUSING SALITA: Pambansang Seminar sa Pagbuo ng Diskurso sa Konseptong Filipino" na isinagawa noong Agosto 24-25, 2017 sa pangunguna ng Sentro ng Wikang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Tinalakay sa nasabing seminar ang mga katutubo o kaya'y inangking konsepto ng "indie, bungkalan, ganap, balita, balatik, at delubyo" – ilan lamang sa napakaraming "susing salita" na maaaring maging lunsaran o pokus ng mismong pagtalakay sa Filipino bilang disiplina sa mas mataas na antas ng edukasyon, gaya rin ng pinatunayan na sa taunang kumperensyang "Sawikaan: Mga Salita ng Taon" ng Filipinas Institute of Translation (FIT) (Narvaez, 2015). Samakatwid,ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay pagkalusaw rin ng isang mahalagang disiplina (Sanchez, 2015) na nakaugat sa sariling karanasan at paraan ng pagpapahayag ng mga mamamayang Pilipino. Ang halaga at kabuluhan ng Filipino bilang disiplina ay hindi matatawaran sapagkat ito'y daluyan ng "kasaysayan ng Pilipinas," salamin ng "identidad ng Filipino," at "susi ng kaalamang bayan" (Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2014) - tatlong magkakahiwalay ngunit magkakaugnay na tungkulin na hindikayang tapatan ng iba pang disiplina sa mas mataas na antas ng edukasyon.Gaya ng paninindigan ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP (2014), "lihis sa hangarin at konteksto ng Pangkalahatang Edukasyon ang pagtatanggal ng asignaturang Filipino" kung isasaalang-alang ang isa sa mga layunin mismo ng CMO No. 20, Series of 2013: "'General education enables the Filipino to find and locate her/himself in the community and the world,take pride in and hopefully assert her/his identity and sense of community and nationhood amid the

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

forces of globalization. As life becomes more complex,the necessity of appreciating the gifts of nature and addressing social problems in the general education program increasingly become more pressing.' Hindi ba't ang asignaturang Filipino ang pangunahing tiyak na tutugon sa hangarin at kontekstong isinasaad? Sapagkat ang mga asignaturang Filipino ay nakatuon sa pagtuklas at inobatibong pag-aaral hinggil sa kalinangang Filipino (wika, kultura at kabihasnan), nasa Filipino ang identidad ng mamamayan sa bansang Pilipinas, nasa Filipino and diwang makabansa na makatutugon sa mga kahingiang panlipunan at makatutulong sa pangangailangan ng mamamayang Pilipino, at makapag-aambag ng kalinangan at karunungan sa daigdig."

**Argumento 4**: PARA MAGING EPEKTIBONG WIKANG PANTURO ANG FILIPINO, KAILANGANG ITURO AT LINANGIN DIN ITO BILANG ASIGNATURA

Ang pagkakaroon ng Filipino sa kolehiyo ay pagtupad sa Artikulo XIV Seksyon 6 ng Konstitusvong 1987 na nagsasabing ang Filipino ang dapat maging midyum ng opisyalna komunikasyon at ng sistemang pang-edukasyon. Hindi maisasakatuparan ang ganitong antas ng Konstitusyon kung walang asignaturang Filipino sa lahat ng antas ng edu kasyon. Sa asignaturang Filipino, lilinangin ang kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang pambansa sa intelektwal na disurso na kinakailangan sa epektibong paggamit nito bilang midyum sa iba pang asignatura (bagay na pakunwaring isinusulong ng CHED sa CMO No 20,Series of 2013). Sa sitwasyong English ang default language ng CHED at ng mga administrador ng marami-raming unibersidad, malinaw na "(a)ng pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong" sapagkat babawasan pa "nito ang oportunidad para sa intelektwalisasyon" ng Filipino (San Juan, 2015). Ang pagpaslang sa wikang sarili ay pagbura rin sa pagkatao mismo ng mga mamamayan gaya ng ipinahayag sa posiyong papel ng Fakulti ng Sining at Mga Wika ng PNU (2014): "Bukal ng karunungan ang Filipino bilang isang larangan na humuhubog ng kabuuan kaakibat ang pagpapahalaga sa ating pagkamamamayang Pilipino. Gamit ang Filipino bilang larangan, itinatampok at binubuo nito ang pagkatao at pagkakakilanlan ng ating lahi na pundasyon ng ating kamalayan at kalinangan...Kung hangad natin ang ay marating ang ganap na intelektwalisasyon ng wikang Filipino, karapat-dapat itong gamitin. Kailangang isa-Filipino ang diwa ng mga mag-aaral...Hindi sapat bilang midyum ng talastasan, kundi isang wika na salalavan sa iba't ibang diskursong pang-akademiko at panlipunan."

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

**Argumento 5** : BAHAGI NG COLLEGE READINESS STANDARDS ANG FILIPINO AT PANITIKAN

Kaugnay ng Argumento 3, mismong CHED ay naglabas ng College Readiness Standards na sumasaklaw sa Filipino at Panitikan sa pamamagitan ng CHED Resolution No. 298-2011. Laman ng nasabing dokumento ang mga kasanayan o sa iba't ibang asignatura na dapat makuha/makamit ng mga estudyante BAGO sila magkolehiyo o BILANG PAGHAHANDA sa pagkokolehiyo. Saklaw nito ang mga inaasahang kakayahan ng mga estudyante sa Science, Mathematics, English, Filipino, Literature, Humanities, at Social Science. Sa aktwal na disenyo ng College Readiness Standards (CRS) inaasahan ang patuloy na paglinang sa mga kasanayan nakuha sa hayskul hanggang sa kolehiyo, gaya ng pinatutunayan ng pagkakaroon pa rin ng Science (sa pamamagitan ng asignaturang Science, Technology, and Society), Mathematics (sa pamamagitan ng asignaturang Mathematics in the Modern World), English (sa pamamagitan ng asignaturang Purposive Communication), Humanities (sa pamamagitan ng asignaturang Art Appreciation}, at Social Science (sa pamamagitan ng asignaturang The Contemporary World at Readings in Philippine History) sa required courses sa bagong General Education Curriculum na nasa CMO No. 20, Series of 2013. Kapansin-pansin na Filipino at Panitikan/Literatura lamang ang asignaturang nasa CRS ngunit hindi isinama ng CHED sa required core courses sa bagong GEZ Ang pagpapatuloy ng paglinang sa kasanayan/kompetensi sa Filipino at Panitikan/Literatura sa antas tersyarya ay lohikal lamang - gaya ng sitwasyon ngiba pang asignaturang nasa CRS at bahagi rin ng bagong GEC sa kolehiyo - lalo na kung isasaalang-alang ang bigat ng mga kasanayan sa CRS na halos imposibleng ganap na malinang sa hayskul lamang.

**Argumento 6**: SA IBANG BANSA, MAY ESPASYO RIN SA KURIKULUM ANG SARILING WIKA BILANG ASIGNATURA, BUKOD PA SA PAGIGING WIKANG PANTURO NITO

Sa halos lahat ng mga unibersidad sa U.S ay bahaging kurikulum sa kolehiyo - sa anumang kurso -ang pag-aaral ng wikang English, gaya ng pinatunayan sa apendiks ng pananaliksik ni San Juan (2015). Halimbawa, aniya, sa mga unibersidad na ito ay required core course ang English: Princeton University, Illinois State University, California State University, Columbia University, University of Alabama, Duke University, Yale University, Harvard University, Stanford University, North Carolina State University, Washington State University, University of Wisconsin-Madison, State University of New York, University of Michigan, University of Vermont, California State Polytechnic University, University of Kentucky at University of Arizon; habang sa mga sumusunod na institusyon naman ay required

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00

This study resource was shared via CourseHero.com

subject din ang Literatura: University of Chicago, Harvard University, Duke University, Massachusetts Institute of Technology, University of Alabama, University of Wisconsin-Madison, University of Michigan, University of Kentucky, University of Oregon at University of Texas. Samantala, sa Chulalongkorn University sa Thailand, bahagi rin ng required subjects sa General Education program ang wikang Thai (Chulalongkorn University, 2006}. Required subject din sa Malaysia ang Bahasa Melayu gaya ng pinatutunayan ng requirements for graduation sa Universiti Sains Malaysia (2017), Universiti Kebangsaan Malaysia (2017), at Universiti Tenaga Nasional (2016). Required subject naman ang Bahasa Indonesia sa mga unibersidad gaya ng Univer sitas Gadjah Mada (2017) at lnstitut Teknologi Bandung (2017). Lohikal ang pagkakaroon ng asignaturang wikang sarili sa antas tersyarya dahil ito rin ang "aka demikong wika" na kailangan sa matalas na pag-unawa sa mga aralin at sa pagsasagawa ng pananaliksik na makabuluhan sa mga mamamayan ng komunidad ng estudyante. Kung isasaalang-alang ang depinisyon ng "akademikong wika" {Gottlieb at Ernst-Slavit, 2014), Filipino ang akademikong wikang akma sa Pilipinas: "a register, that is, a variety of a language used for a specific purpose and audience in a particular context ...academic language refers to the language used in school to acquire new or deeper understanding of the content and to communicate that understanding to others...academic language is characterized by the specific linguistic features associated with academic disciplines, including discourse features, grammatical constructions, and vocabulary across different language domains or modalities (listening, speaking, reading, writing) and content areas (language arts, mathematics, science, and social studies/history, among others). Academic language operates within a sociocultural context that lends meaning to oral or written communication...-

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-01-2021 19:49:38 GMT -05:00